

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2022-0026
	Title	Quality Policy on the Diagnosis and Management of Acute Infectious Gastroenteritis as Reference of the Corporation

Tanong	Sagot
1. Ano ang nilalaman ng PhilHealth Circular na ito?	<p>Ito ay polisiya patungkol sa pagsusuri at pag-aalaga ng sakit na acute infectious gastroenteritis o diarrhea o pagtatae sang-ayon sa DOH Circular no. 2019-0233 (Adoption of the National Food and Waterborne Disease Prevention and Control Program Clinical Practice Guidelines on Acute Infectious Diarrhea Reference Manual). Inaamyendahan nito ang naunang PhilHealth Circular No. 2016-001.</p>
2. Ano ang Acute Infectious Gastroenteritis?	<p>Ang acute infectious gastroenteritis o diarrhea ay pagtatae sa wikang Filipino ay ang pagdumi ng tatlo o higit pa na malambot (loose) o matubig (watery) sa loob ng isang buong araw. Maaaring may kasamang dugo ang dumi. Ang acute diarrhea ay hindi dapat lalapas ng labing apat (14) na araw.</p> <p>Ang pagtatae ay kadalasang sinasamahan ng pagsusuka, pananakit ng tiyan, at lagnat na maaaring dulot ng impeksyon tulad ng bacteria, virus, fungi or protozoa. Ito ay maaaring mangyari kanino man anumang edad ng isang tao.</p>
3. Ano-ano ang mga indikasyon para ma-admit sa ospital ang taong nagtatae?	<p>Ang pagtatae ay kadalasang simpleng kondisyon ngunit maaaring maging delikado (lalo nasa mga bata) dahil sa mga sumusunod na sitwasyon at nangangailangang dalhin sa ospital:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Pagkatuyo ng tubig sa katawan o malalang dehydration; 2. Pagtatae na may kasamang dugo; 3. Malalang malnutrisyon; 4. State ng shock na may neurological abnormalities; 5. Tuloy-tuloy na pagsusuka, walang ganang kumain o hindi bumubuti sa oral rehydration; 6. Mga sanggol na may <6 buwan na edad; 7. Mga batang may mabilis na dami ng pagdumi (15-20ml/kg bawat oras).



TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2022-0026
Title	Quality Policy on the Diagnosis and Management of Acute Infectious Gastroenteritis as Reference of the Corporation

4. Paano ang gamutan sa pagtatatae?	<p>Ang mga kaukulang lunas ay ang mga sumusunod:</p> <ol style="list-style-type: none">1. Ang Oral Rehydration Solution (ORS) at Intravenous (IV) Fluids ay mga pamantayan sa pagtugon sa dehydration o pagtuyo ng tubig sa katawan.2. Zinc supplementation sa loob ng 10-14 araw bilang pandagdag sa gamutan upang mapaikli ang araw ng pagtatatae.3. Vitamin A para sa mga bata na nakararanas ng pagtatatae ilang sandali matapos magkaroon ng tigdas.4. Ang mga antimicrobials ay kadalasang hindi ibinibigay sa pagtatatae maliban sa mgasumusunod na kondisyon:<ul style="list-style-type: none">• Bloody diarrhea (dysentery);• Cholera na may kasamang malalang dehydration;• Mga resulta ng laboratoryo, sintomas ng impeksyon na may Giardia duodenalis• Diarrhea na nauugnay sa ibang sakit na may acute infection (halimbawa, pneumonia, UTI, meningitis) <p>Ang mga gamot na maaaring ibigay sa pagtatatae na dulot ng cholera, shigella, salmonella, at amoebiasis ay nasa Annex A. Ito ay base sa DOH Circular no. 2019-0233.</p>
5. Anong pahayagan at kailan nailathala ang PC no. 2022-0026?	<p>Ito ay nailathala sa Manila Bulletin noong Disyembre 16, 2022.</p> <p>Ang polisiyang ito ay magkakabisa 15 araw matapos ang pagkakatathala.</p>